# ELECTION 2024

**Voter Hotline: 1-888-API-VOTE**

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC



*Bilingual assistance is available in Bengali/Bangla (বাংলা), Cantonese (廣東話), English, Hindi (हिंदी), Korean (한국어), Mandarin (普通話), Punjabi (ਪੰਜਾਬੀ), Tagalog, Urdu (اردو), and Vietnamese (tiếng Việt)*




# Listahan ng Pagiging Handa ng Botante

## Nakapagparehistro Ka na ba Dati?

**Oo**

- Kumpirmahin kung ikaw ay nakarehistro pa rin kung saan ka nakatira ngayon (kung hindi pa, magparehistro muli ngayon)
- Kumpirmahin kung ikaw ay nakarehistro sa tamang adres (kung hindi, i-update ang iyong rehistrasyon)

**Hindi**

- Magparehistro ngayon!
- Siguraduhin na mayroon ka ng mga kinakailangang dokumento upang makapagparehistro

## Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

*Ikaw ba ay humiling na ipadala ang iyong balota sa koreo?*

**Oo**

- Subaybayan ang galaw ng iyong balota
- Gumawa ng planong aksyon kung hindi mo matanggap ang balota o hindi mo ito matanggap sa oras na dapat bumoto
- Ipadala ito pabalik sa koreo bago ang dedlayn

**Hindi**

- Kung nais mong humiling ng balotang ipapadala sa koreo, maaaring mayroon pang oras na gawin ito.

### *Pagbalik ng iyong balotang ipinadala sa koreo*

- Siguraduhin na iyong nakumpleto ang lahat ng parte at isama ang anumang karagdagang hinihiling na bagay
- Kung nais mong ihulog ang iyong balotang ipinadala sa koreo, i-tsek kung maaari mo itong gawin at alamin ang mga lokasyon kung saan mo ito maaaring ihulog
- Kung plano mong gamitin ang USPS upang ipadala pabalik ang iyong balota, gawin ito ng maaga!
  - Hangga't maaari, ipadala ito pabalik ng hindi bababa sa isang linggo bago ang Araw ng Halalan.

## Pagboto sa Mismong Lokasyon ng Halalan: Alam Mo Ba...

- Kung saan ang lokasyon ng halalan?
- Kung ano ang mga pagpipilian para sa lokasyon ng maagang pagboto? Ano ang mga araw at oras bukas ang lokasyon ng botohan?
- Kung ano ang mga dokumentong kailangan mo, tulad ng ID na may larawan?
- Kung saan ang mga lokasyon ng kahon kung saan maaaring maghulog ng balota?
- Kung ang iyong hurisdiksyon ay nag-aalok ng katulong sa wika at sa anong mga wika?
- Kung sino ang iyong tagapagsalin kung kinakailangan mo ng katulong sa wika?
- Kung paano ka makakapunta sa lokasyon ng botohan?

### *Tandaan, mayroon kang karapatan na:*

- Bumoto ng hindi tinatakot o dinidiskrimina ng iba
- Magdala ng iyong piniling kasama upang ika'y tulungan sa pagboto sa itinialagang lugar ng botohan kung ika'y nahihirapan sa Ingles o ikaw ay may kapansanan
- Makaboto pa rin kung ika'y nasa pila na kapag nagsara na ang botohan

*Bisitahin ang https://www.advancingjustice-aajc.org/election2024 para sa impormasyon kung paano matatagpuan ang mga kasagutan sa mga katanungang ito! Maaari ka ring tumawag sa 1-888-API-VOTE (1-888-274-863) sa anumang katanungan patungkol sa pagboto gaano man ito kalaki o kaliit. Naririto kami upang magbigay ng tulong patungo sa Araw ng Halalan, sa mismong araw nito at pagkatapos.*